# 'Market on wheels' sa QC, umarangkada

Sa kabila ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin, nagkapit-bisig sina Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte at ang Department of Trade and Industry (DTI) sa programang "Market on Wheels" para magbenta ng murang bigas at iba pang mga bilihin.

"Given the higher prices of basic commodities resulting from inflation, the government recognizes that the poor are the ones hit hardest, so we are working with the DTI to bring this service down to the people," sabi ni Belmonte.

Sa ilalim ng "produce-to-consumer market program", nakipagtulungan ang DTI sa Department of Agriculture (DA), National Food Authority (NFA), at lokal na pamahalaan ng lungsod Quezon para makapaghatid ng mura at sariwang mga produkto sa mga residente ng lungsod.

Ang "Market on Wheels" ay naghahandog ng mga paninda sa halagang mas mababa kaysa sa mga nasa pangunahing bilihan. Ang NFA rice, halimbawa, ay maaaring mabili sa P27.00 bawat kilo.

Nagsimula ang caravan sa Barangay Batasan Hills noong Oktubre 3 hanggang Oktubre 5, 2018. *(Angie dela Cruz)*